
2

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# MTB-MLE

## Unang Markahan – Modyul 1: Pagbibigay ng Komento o Reaksiyon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MTB-MLE – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Pagbibigay ng Komento o Reaksiyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Aileen B. Simon

**Editor:** Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay

**Tagasuri:** Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor

**Tagaguhit:** Lynzee A. Monta, Karen D. Romero

**Tagalapat:** Cristina T. Fangon

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong
Librada M. Rubio
Ma. Editha R. Caparas
Nestor P. Nuesca
Merlinda T. Tablan
Ellen C. Macaraeg
Elena V. Almario

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng** ______________________________

**Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# MTB-MLE

## Unang Markahan – Modyul 1: Pagbibigay ng Komento o Reaksiyon

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makapagpapakita ng kawilihan sa pakikinig, pagbabasa ng kuwento at makapagbibigay ng komento o reaksiyon. (MT2OL-Ia-6.2.1)

## *Subukin*

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Ibigay ang iyong komento o reaksiyon sa mga tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot.

### Pagtulong sa Kapwa

Marami sa mga kapitbahay ni AJ ang nawalan ng hanapbuhay dahil sa pandemyang COVID-19. Nais ni AJ at ng kaniyang mga kaibigan na tumulong sa kanilang mga kapitbahay. Sila ay nag-ipon ng bigas, mga de-lata at gamot. Masaya nilang ipinamahagi ang tulong sa lahat.

1. Sa iyong palagay, tama ba ang ginawa ni AJ?

   A. opo
   B. hindi
   C. maaari

2. Sa tingin mo, sino ang dapat nating tulungan sa panahon ng pandemyang COVID-19?

   A. mahihirap na pamilya
   B. mayayamang pamilya
   C. walang dapat tulungan

3. Ano ang layunin ni AJ sa kanyang ginawa?

   A. upang makilala ng mga tao
   B. upang makatulong sa kapuwa
   C. upang maipagmalaki na sila ay mayaman

4. Bukod sa pagiging matulungin, ano pa ang katangian ni AJ?

   A. mayabang
   B. mapagmalaki
   C. mapagkawanggawa

5. Kung ikaw ay mayaman, ibabahagi mo rin ba sa iba ang mga biyaya mong natatanggap? Bakit?

   A. Hindi, dahil may natanggap naman silang ayuda o tulong mula sa gobyerno.
   B. Hindi, dahil ito ay aking pinaghirapan.
   C. Opo, sapagkat sila ay higit na nangagailangan.

| Aralin 1 | Pagbibigay ng Komento o Reaksiyon |
|---|---|

Isang kapaki-pakinabang na libangan ang pagbabasa. Pinalalawak nito ang kaalaman ng tao. May mga pagkakataong ang anomang binasa, narinig o napanood ay ibinabahagi sa iba.

Ang pagbibigay ng reaksiyon sa binasa ay isang pagpapahayag ng sariling opinyon o palagay. Maaaring tayo ay sumang-ayon o hindi sa mga bagay na ating binasa o narinig. Anoman ang ating reaksiyon, natututo tayo at napauunlad ang ating kaalaman tungkol sa maraming bagay.

Alamin natin kung paano mo matutunan ang pagbibigay ng komento o reaksiyon sa iba't ibang sitwasyon. Kaya mo ba itong gawin?

## *Balikan*

Panuto: Sagutin kung Tama o Mali ang mga pahayag base sa iyong komento o reaksiyon.

_____1. Natutuwa ba ang taong nasisiyahan?

_____2. Tama ba ang ginawa ng taong pinuri?

_____3. Tama ba ang magputol ng puno sa kagubatan upang makagawa ng bahay?

_____4. Matulungin ba ang batang umaalalay sa kapuwa?


_____5. Nakita ba niya ang bagay na kanyang natanaw?

## *Tuklasin*

Panuto: Basahin ang kuwento at unawain itong mabuti.

### Mga Batang Matulungin

*Akda ni Aileen B. Simon*



Maagang nagluto si Aling Josefa para sa pagpasok ng kanyang mga anak sa paaralan. "Jessa, Jobel, gising na, mga anak. Baka kayo mahuli sa pagpasok," masuyong wika ng nanay.

Naghanda na sa pagpasok ang magkapatid. Pagkatapos maligo, nagbihis sila ng malinis na uniporme. Nagsuot sila ng malinis na medyas at sapatos. Inayos nila ang kanilang mga gamit sa pag-aaral. Kumain sila ng almusal bago umalis.

Sa paaralan, nakasalubong nila si Ginang Mendoza. "Magandang umaga po, Ginang Mendoza," bati nina

Jessa at Jobel. “Magandang umaga rin sa inyo mga bata,” wika ng guro. Sa kanilang paglalakad, nakita nila ang isang batang lalaki na nadapa. Nilapitan nila ito at tinulungan. Dahil nasugatan ang tuhod ng bata, dinala nila ito sa klinika. Masayang-masaya ang magkapatid dahil nakatulong sila.

Hindi alam nina Jessa at Jobel na nakita sila ng kanilang guro.

“Binabati ko kayo. Magandang halimbawa kayo sa kapuwa ninyo mag-aaral,” wika ng guro habang tinatapik sa balikat ang magkapatid.

## *Suriin*

Mayroon tayong mga karanasan na maihahalintulad sa ating nabasang kuwento. Marunong ka rin bang tumulong sa kapuwa? Maaaring ang sitwasyon na iyong nabasa ay nangyari na sa iyo. Halika, balikan natin ang ating kuwento at bigyan mo ng reaksiyon ang mga sitwasyon. Ang pagbibigay ng komento o reaksiyon ay base sa sariling opinyon tungkol sa pahayag na iyong binasa o narinig.

**Panuto**: Sagutin ang mga tanong tungkol sa binasang kuwento. Isulat ang letra na tutugma sa iyong reaksiyon.

1. Sa iyong palagay bakit kailangang gumising nang maaga sina Jessa at Jobel?

   A. dahil maglilinis sila ng bahay
   B. dahil papasok sila sa eskuwela
   C. dahil isasama sila ng nanay sa palengke
   D. dahil magluluto sila ng agahan

2. Kung ikaw sina Jessa at Jobel, ano ang gagawin mo kapag
   nakasalubong mo ang iyong guro?

   A. iiwasan ang guro
   B. dadalhin ang gamit at babatiin
   C. mag- iiba ng daan
   D. hindi papansinin

3. Bakit kailangang kumain ang mag-aaral bago pumasok sa
   paaralan?

   A. para hindi na siya hihingi ng pagkain
   B. para madali siyang matuto
   C. para marami siyang maisulat
   D. para hindi na siya magreses

4. Kapag nakita mo ang isang bata na nadapa, ano ang gagawin mo?

   A. tutulungan ko siya at dadalhin sa klinika
   B. hindi papansinin dahil mahuhuli na ako sa klase
   C. sasabihin ko sa kanya na tumayo ka
   D. hahayaan at hindi tutulungan ang bata

5. Kung ikaw ang batang tinulungan, ano ang sasabihin mo?
    A. Sasabihin ko na sana hindi na kayo tumulong.
    B. Sasabihin ko na kaya ko ang sarili ko.
    C. Sasabihin ko na maraming salamat sa inyong pagtulong.
    D. Sasabihin ko na walang anuman.



*Mga Tala para sa Guro*

Basahin nang malakas ang kuwento at sitwasyon sa mga sumusunod na pagsasanay. Ipagawa ang mga ito sa mag-aaral.

# Pagyamanin

## Pinatnubayang Pagsasanay 1

**Panuto**: Ano-anong paghahanda ang ginawa nina Jessa at Jobel bilang pagsunod sa mga patakaran ng paaralan? Lagyan ng ito ng tsek (✓).

______1. Pumasok sa tamang oras.

______2. Nagdala ng magagandang laruan.

______3. Inayos ang mga gamit sa pag-aaral.


______4. Nagbaon ng masasarap na pagkain.

______5. Nagbihis ng malinis na uniporme, medyas at sapatos.

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

**Panuto**: Gumuhit ng masayang mukha kung tama ang komento o reaksiyon at malungkot na mukha naman kung hindi.


1. Bibigyan ko ng pagkain ang pulubi.




2. Magmamano ako sa matatanda.



3. Maglalaro ako kasama ng aking mga kaibigan hanggang gabi.



4. Magtatapon ako ng basura sa ilog.



5. Tutulong ako sa paglilinis ng bahay.



## Pinatnubayang Pagsasanay 2

**Panuto:** Basahin ang mga sitwasyon. Isulat ang letrang angkop sa iyong komento o reaksiyon.

1. Sa iyong paglalaro, nabasag mo ang paso' ng halaman ng iyong
   nanay. Ano ang iyong gagawin?
   A. itatago ko ang basag na paso
   B. bibili ako ng bagong paso
   C. sasabihin ko sa nanay at hihingi ng pasensiya
   D. sasabihin ko sa tatay ang nangyari

2. Wala kang baon dahil hindi nakapasok sa trabaho ang tatay mo. Ano ang dapat mong gawin?
   A. gagamitin ko ang naipong pera sa iyong alkansiya
   B. hindi na lang ako papasok sa eskuwela
   C. hihingi ako sa kaklase ng baon
   D. manghihingi ako sa aking kaibigan ng pagkain

3. Maraming tao ang nagkasakit ng COVID-19. Marami kayong imbak na pagkain. Ano ang gagawin mo para makatulong?
   A. hahayaan ko na lang magutom ang ibang tao
   B. manonood na lang ng balita sa tungkol sa COVID-19
   C. sasabihin ko sa aking magulang na magbahagi kami ng tulong
   D. magbibigay ako kahit hindi alam ng magulang ko

4. Nakita mong nahulog ang mga bitbit na gamit ng iyong guro. Ano ang gagawin mo?

A. tatakbo akong paalis
B. titingnan ko lang na damputin niya ang gamit
C. lalapit ako at tutulungang kunin ang mga gamit
D. tatawagin ang kaklase para tulungan ang guro

5. Marami kang damit na hindi na kasya sa iyo. Ano ang iyong gagawin?

A. itatago ko sa kabinet
B. itatapon ko sa basurahan
C. ipagbibili ko para magkapera
D. ipapamigay ko ang damit na hindi na isinusuot

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Basahin ang sitwasyon. Sumulat ng maikling reaksiyon.

Si Enzo ay nakapulot ng pera habang siya ay naglalakad. Ipinagtanong niya ito sa mga tao ngunit walang may-ari nito. Nagdesisyon siya na ibigay ito sa pulis upang mahanap ang may-ari ng pera.

Isulat ang maaaring napag-usapan ni Enzo at ng pulis.



## Malayang Pagsasanay 1

**Panuto:** Gumuhit ng puso ( ♥ ) sa patlang batay sa angkop na reaksiyon na dapat mong gawin.

1. May uwing pagkain ang iyong nanay. Sinabi niya sa iyo na hatian mo ang nakababata mong kapatid.

   ______ A. Hahatiin ko ang pagkain nang magkasinglaki

   ______ B. Hahatiin ko na mas malaki ang parte ko kaysa sa kanya.

2. Umiiyak ang isang bata. Nawawala siya sa **mall**.

   ______ A. Sasabihin ko sa kanya na umuwi na.

   ______ B. Sasamahan ko siya sa guwardiya ng mall para mahanap ang kanyang kasama.

3. Dumating mula sa trabaho ang iyong tatay.

   ______ A. Hindi ko siya babatiin at itutuloy ang paglalaro.

   ______ B. Magmamano at ipaghahain ng makakain.

4. Madalas bumaha sa inyong lugar. Maraming kanal ang barado ng plastik at basura.

______ A. Hindi ako magtatapon ng basura sa kanal.

______ B. Tutulong ako sa paglilinis ng kanal.

5. Inagaw ni Kerwin ang laruan ng isang batang naglalaro sa parke.

______ A. Lalapitan ko si Kerwin at paaalisin.

______ B. Lalapitan ko si Kerwin para sabihing ibalik ang laruan.

## Malayang Pagtatasa 1

**Panuto:** Isulat ang **Tama** kung angkop ang reaksyon na ginawa at **Mali** kung hindi.

______ 1. May pulubi sa harap ng bahay nila Gabvin. Nilapitan niya ang bata at itinulak nang malakas.

______ 2. Buong husay na ginagamot ni Doktor Escudero ang mga may sakit.

______ 3. Hindi sinasadyang natapakan ng isang matandang babae ang paa ni Vanessa. Malakas na sumigaw si Vanessa at nagalit.

______ 4. Sobra ang natanggap na sukli ni Mariae. Ibinalik niya ito.

______ 5. May takot si Jazzy sa aso. Mabilis na itinaboy ni Kuya Gabo palayo ang aso.

## Malayang Pagsasanay 2

**Panuto:** Ibigay ang iyong komento o reaksiyon sa sitwasyon. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

1. May sakit si Miggy. Ayaw niyang uminom ng gamot na walang reseta ng doktor.



_______________________________________________

2. Gabing-gabi na ay nanonood pa rin ng telebisyon si Aejae. Pinatutulog na siya ng kaniyang ina ngunit ayaw niyang sumunod.



_______________________________________________

3. May programang “Clean and Green” sa inyong paaralan upang maging malinis ang kapaligiran.



____________________________________________

4. Naglalakad si Pia sa pagpasok sa paaralan araw-araw. Tinitipid niya ang pera na dapat ay pamasahe niya.



____________________________________________

5. Natapilok si Aling Luisa habang siya ay naglalakad.





______________________________________________

## Malayang Pagtatasa 2

**Panuto:** Basahin ang mga sitwasyon. Piliin ang letra ng larawan na angkop na komento o reaksiyon para sa sitwasyon.


1. Umiiyak ang iyong nakababatang kapatid. Hindi niya alam sagutan ang kanyang takdang-aralin sa Matematika. Ano ang iyong gagawin?


A. 

B. 

2. Nagbigay ang iyong guro ng takdang-aralin na ipapasa bukas.

Niyaya ka ng iyong kaibigan na dumalo sa "Birthday Party". Ano ang iyong gagawin?


A. 

B. 


3. Isa ka sa Batang Scout sa inyong paaralan. Napagkaisahan ng samahan na magsagawa ng "Clean Up Drive" sa inyong barangay.

Ano ang iyong gagawin?

A.



B.



4. Naglalakad ka patungo sa paaralan, napansin mo na nalaglag ang pitaka ng isang babae. Ano ang gagawin mo?

A.



B.




5. Bumili si Christian ng tinapay sa tindahan. Paalis na siya nang mapansin niyang sobra ang naibigay na sukli ng tindera. Ano ang kanyang dapat gawin?

A.



B.




## *Isaisip*

Batay sa aralin. Anong mahalagang bagay ang iyong natutunan?

Ang pagbibigay ng ______________________ ay mahalaga sa anomang kaisipang nabasa o narinig maging ito ay sumasalungat o sumasang-ayon upang mapalawak at mabigyang-diin ang kaisipang ipinapahayag sa anomang binabasa o narinig.

Nakatulong ba ito sa iyo upang lumawak ang iyong kaalaman? Bakit?



# *Isagawa*

**Panuto:** Piliin sa Hanay B ang angkop na reaksyon mula sa mga sitwasyon na nasa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot.

| | |
|---|---|
| 1. Napuyat ka dahil mayroon kayong pinuntahang handaan. May pasok ka kinabukasan. | A. Itatapon ko sa basurahan ang balat ng aking pinagkainan. |
| 2. Reses na ngunit kumakain ka pa sa kantina. | B. Magpapagising ako para makapasok sa paaralan. |
| 3. Tinawag ka ng guro dahil maraming lukot na papel sa ilalim ng desk mo. | C. Ipagpapatuloy ko na lang ang kuwento pagkatapos ng klase. |
| 4. Masayang nagkukuwento ang iyong kaklase. Biglang tumunod ang bell. | D. Ipapakabit ko muna ang butones bago ako pumasok. |
| 5. Natanggal ang butones ng iyong polo o blusa. | E. Pupulutin ko ang mga kalat sa ilalim ng desk. |

.

## Tayahin

Panuto: Basahin ang mga pahayag. Bilugan ang letra ng angkop na komento o reaksiyon.

1. Gusto mong bumili sa tindahan. Wala kang pera. Hihingi ka sana ng pera sa nanay mo ngunit natutulog siya.
    A. Kukuha ako ng pera ng walang paalam.
    B. Hihintayin kong magising ang nanay ko.
    C. Hihiram ako ng pera sa tita ko.

2. May dalang pasalubong ang tatay mo. Hinati niya ito sa inyong magkakapatid pero ikaw na lamang ang gising.
    A. Uubusin ko ang lahat ng pagkain. Hindi naman nila alam.
    B. Ibibigay ko sa kanila ang pagkain kinabukasan.
    C. Sasabihin ko na walang pasalubong si tatay.

3. Tapos na ang reses. Niyaya ka ng kamag-aral mo na maglaro at huwag munang bumalik sa silid-aralan. Ano ang sasabihin mo?
    A. “Ayoko, may klase pa tayo”.
    B. “Sige, tara maglaro tayo”.
    C. “Sige, maghabulan muna tayo”.

4. Pinagpawisan kayo ng kapatid mo sa paglalaro ng badminton.

Nag-unahan kayo sa pagpasok sa banyo para maligo.

A. Itutulak ko siya dahil mas malaki ako sa kanya.
B. Pauunahin ko na siyang maligo.
C. Isusumbong ko siya kay nanay.

5. Pareho kayo ng laruan ng iyong kamag-aral. Kaya lamang mas bago ang sa kanya. Minsan, kayo'y naglaro at naiwan niya sa inyong bahay ng kanyang laruan.

A. Ang lumang laruan ko ang isasauli ko sa kanya.
B. Ang tunay na laruan niya ang isasauli ko.
C. Sasabihin ko na wala siyang naiwan na laruan.

# *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Basahin at pag-aralan ang sitwasyon. Isulat ang iyong komento o reaksiyon sa mga tanong.

**Kuya Gabo:** Isang magandang halimbawa ng pagmamahal sa kapuwa ang pagbibigay ng donasyon para maipadama sa kanila ang iyong pagmamalasakit.
**Papa JC:** Tama anak! Higit silang nangangailangan kaya dapat ay magbahagi tayo ng tulong sa mahihirap.
**Ate Jazzy:** Hindi ako naniniwalang lahat ng binibigyan ay gipit.
Nanghihingi sila dahil sanay silang umasa sa iba.

1. Bakit kailangang tulungan natin ang ating kapuwa?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Sa iyong palagay, sino ang higit na mapalad, ang nagbibigay o ang
tumatanggap? Bakit?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Suriin | |
|---|---|---|---|
| 1. a<br>2. a<br>3. b<br>4. c<br>5. c | 1. Tama<br>2. Tama<br>3. Mali<br>4. Tama<br>5. Tama | 1. b<br>2. b<br>3. b<br>4. a<br>5. c | |
| Pagyamanin | | | |
| **Pinatnubayang Pagsasanay1**<br>1. ✓<br>2.<br>3. ✓<br>4.<br>5. ✓ | **Pinatnubayang Pagtatasa 1**<br>1. ☺<br>2. ☺<br>3. ☹<br>4. ☹<br>5. ☺ | **Pinatnubayang Pagsasanay 2**<br>1.c<br>2.a<br>3.c<br>4.c<br>5.d | **Pinatnubayang Pagtatasa 2**<br>Tatanggapin ang lahat ng sagot basta may kaugnayan sa komiks istrip |
| **Malayang Pagsasanay 1**<br>**1. ♥ a**<br>**2. ♥ b**<br>**3. ♥ b**<br>**4. ♥ b**<br>**5. ♥ b** | **Malayang Pagtatasa 1**<br>1. Mali<br>2. Tama<br>3. Mali<br>4. Tama<br>5. Tama | **Malayang Pagsasanay 2**<br>(tanggapin ang mga sagot na may angkop na reaksyon) | **Malayang Pagtatasa 2**<br>1.a<br>2.b<br>3.a<br>4.b<br>5.b |
| **Isagawa**<br>1. b<br>2. a<br>3. e<br>4. c<br>5. d | **Tayahin**<br>1. b<br>2. b<br>3. a<br>4. b<br>5. b | **Karagdagang Gawain**<br>(tanggapin ang mga sagot na may angkop na reaksyon) | |

# *Sanggunian:*

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph